**Agosto 1**

Kamatayan at buhay ay nasa kapagyarihan ng dila. Kawikaan 18:21

ANG impluwensiya ng dila ay higit pa kung pagsama-samanin ang lahat ng iba pang mga bahagi ng katawan: at ang pagsupil nito, kung ganuon, sa paglilingkod sa Panginoon, ay siyang pinakamahalagang gawain ng mga alagad ng Dios may kinalaman sa kanilang makalupang mga katawan at sa paglilingkod nito sa Panginoon. Ang ilang mga salita ng pag-ibig, kabaitan, pagkamatulungin - lagi-lagi itong nagpapabago sa buong takbo ng buhay ng tao - oo, malaki ang nagagawa nito sa paghugis ng kinahahantungan ng mga bansa. At lagi-lagi pa ring nakagagawa ng pagka-di makatarungan at nakapapaslang ng karangalan ang mga mararahas at mapanirang mga salita, at iba pang mga masasamang mga salita, o gaya ng ipinahahayag ng Apostol, "sinisilaban ng apoy ang takbo ng kalikasan" - ginigising ang silakbo ng damdmin, alitan , pag-aaway, na hindi inaasahang mangyari. Hindi nakapagtataka na sinasabi niya na ang ganuong mga dila ay "sinisindihan ng apoy sa Gehenna' - ang ikalawang kamatayan. Z. '99-75

**Agosto 2**

Oh magsiparito kayo tayo'y magsisamba at magsiyukod; tayo'y magsiluhod sa harap ng Panginoon na may-lalang sa atin. Awit 95:6

MASASABI nating imposible para sa sinomang Cristiano ang panatilihing tama, hindi mababagong lakad ng buhay, at ang paghubog ng ganuong katangian at pananampalataya gaya ng paghahalintulad ni Apostol Pablo nito bilang yari sa "ginto, pilak at mamahaling bato"---kung walang panalanginn; higit pa rito, kung hindi palagian sa panalangin; halos masasabi nating, "kapag hindi manalangin ng nakaluhod", at naniniwala tayo na ang mga karanasan at patotoo ng pinakatunay at pinaka mabuting mga alagad ng Panginoon na nabubuhay kailangman ay tutugma nito Z. '99-184

**Agosto 3**

Humiwalay kayo sa mga mamamayan ng lupain. Ezra 10:11

MAY isang tao na nakapagsabi nang mabuti: "Ang Cristiano sa mundo ay tulad ng barko sa karagatan. Ang barko ay ligtas sa karagatan hangga't ang karagatan ay wala sa loob ng barko." Ang isa sa malalaking hirap na nararanasan ng Cristianismo sa ngayon ay ang pagtanggap nila sa mga estranghero, ang mga "tao sa lupa", at kinikilala at tinatanggap sila bilang mga Cristiano. Nakapipinsala ito, hindi lamang sa mga totoong Cristiano, sa pamamagitan ng pagpapababa nito ng kanilang pamantayan (dahil sila ang karamihan at bilang karamaihan ay maituturing sila bilang ang pamantayan o batayan), kundi napipinsala din nito ang mga "estranghero", dahil pinaniniwalal nila ang marami sa kanila na sila ay buo namang ligtas (safe) at hindi na nangangailangan na magsisi at magbago, dahil iniisip nila na sila ay respetado naman sa panlabas na anyo, at marahil din sa kanilang palagiang pagdalo sa publikong mga pagsamba.  Z. '99-203

**Agosto 4**

At ang alipin ng Panginoon ay hindi nararapat na makipagtalo, kundi maamo sa lahat, sapat na makapagturo, matiisin, na sawaying may kaamuan ang mga nagsisisalangsang sa kanila. 2 Timoteo 2:24, 25.

ANG ilan sa mga mahal natin na alagad ng Panginoon ay nakapinsala nang malaki sa kanilang paghahayag ng katotohanan sa pamamagitan ng pagpapamalas ng sobrang laki ng pagtitiwala sa sarili, at kompiyansa sa sarili sa kanilang pagsasalita sa banal na plano sa iba - lalo na sa mga marurunong. Ang kaamuan ay isang hiyas saan man ito natatagppuan, at lalong kanais-nais bilang pantulong at tirador para sa katotohanan, Hayaang ibato ang katotohanan sa lahat ng isang akas na taglay nito, subalit laging may kaamuan at kapakumbabaan; at ang tanong na paraan ng pagbabahagi ng katotohanan ay makikita natin na siyang pinaka-mapuwersa sa lahat ng paraan. Z. '00-14

**Agosto 5**

At nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay ay sama samang gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Dios, sa makatuwid baga'y niyaong mga tinawag alinsunod sa kaniyang layunin. Roma 8:28.

ALALAHANIN na ang lahat ng mga lingkod ng Panginoon ay dapat na makontento na lamang sa kung ano ang inilaan ng Dios para sa kanila - subalit hindi naman dapat magpabaya na lamang o maging tamad, kundi matutong maging kontento pagkatapos na magawa ang lahat ng kaya nila. Hindi rin dapat maging aligaga, di-mapakali o iritable, na para bagang hindi laging kontento at nagrereklamo sa mga paglalaan ng Dios. Maaaring inihahanda tayo ng Dios bilang indibiduwal para sa isang espesyal na paglilingkod, at ang mga nararanasan lamang natin ang tanging maghahanda sa atin sa paglilingkod na iyon... dapat din nating alalahanin na hindi rin natin mahuhusgahan ang ating sariling pagiging hindi perpekto, ganuon din ang paghusga sa kung ano ang mga karanasan na nababagay at makakatulong sa atin. Z. '00-22

**Agosto 6**

Sa nakakaalam nga ng paggawa ng mabuti, at hindi ginagawa, ito'y kasalanan sa kaniya. Santiago 4:7.

KUNG positibo tayo sa pagtanggi sa tukso, pinalalakas nito ang ating tibay, hindi lamang sa pagkakataong iyon na nagtatagumpay tayo laban dito, kundi sa susunod pang mga tukso; at natataranta nito ang kaaway, dahil nakikita niya ang ating pagka positibo, at alam na alam niya na walang silbi kung makipagtalakayan pa siya sa mga taong may matibay na paniniwala at positibong katangian; samantalang kung ang tanong ay pag-uusapan lamang, ang resulta ay maghahatid ng karagdagan pang mga dahilan at argumento at ito ay pabor sa kaaway, at isang panganib sa atin dahil tayo ay masasapawan sa argumento, dahil gaya ng sinasabi ng Apostol, ang Diablo ay matalino at tusong kaaway, at "hindi tayo mga mangmang sa kaniyang mga pakana". Ang mabilis at positibong pagsunod sa salita ng espiritu ng Panginoon ang siyang nag-iisang paraan para sa sinoman sa mga "kapatiran". Z. '00-30

**Agosto 7**

At kung ang sinoman ay makikipaglaban sa mga laro, ay hindi siya pinuputungan ng korona maliban na kung siya'y makipaglaban na naaayon sa patakaran ng laro. 2 Timoteo 2:5.

SINUSUNOD ni Jesus ang mga panahon at kapanahunan at pamamaraan ng Dios. Hindi niya nilapit sa peligro ang kaniyang buhay hanggang sa oras na napag-alaman niya sa mga propeta na dumating na ang kaniyang oras upang siya ay ibigay sa mga kamay ng kaniyang mga kaaway. Hindi siya gumawa ng mahahabang mga panalangin sa mga kanto-kanto ng kalye upanag marining ng mga tao sa pamamagitan ng maingay na nag-aapoy na talumpatai; gaya ng ipinakita ng Propeta, hindi niya itinaas ang kaniyang tinig ni sumigaw nang malakas sa mga lansangan. (Isaias 42:2) Pinili niya ang mga paraan ng Dios, mga paraan na makatuwiran at matalino, at epektibo sa pagpili mula sa mga tao ng grupo na kaniyang nagugustuhan; na maging tagapagmana sa ipinangakong kaharian. Hayaang ang sinomang nagnanais tumakbo upang magkamit ng gantimpala ay magtanda sa mga marka ng yapak ng Maestro at mapuno ng higit pa ng Espiritu Santo.

**Agosto 8**

At sa alin mang bahay na inyong pasukin, ay sabihin ninyo muna, kapayapaan nawa sa bahay na ito. At kung mayroon doong anak ng kapayapaan, ang inyong kapayapaa'y mananatili sa kaniya: datapwat kung wala, ay babalik ito sa inyong muli. Lucas 10:5,6.

DAPAT ilagay sa isip ng mga manggagawa ng kasalukuyang pag-aani ang mga tagubilin na ito ng Panginoon. Saan man tayo magtungo bilang mga kinatawan ng Panginoon, ang kapayapaan ay duduon din, hindi alitan, kalituhan, kaligaligan, at pag-aaway. Totoong ang katotohanan ay isang tabak na nagpapabangon ng pagsalungat, subalit talagang ang katotohanan mismo ang nagdadala ng pagsalungat at pagkabaha-bahagi at hindi ang ating magaspang at masungit na mga salita o kilos bilang mga kinatawan ng Panginoon. Maraming bagay ang nagpapayamot sa sangkatauhan sa panahon ngayon kung kailan abala ang mga tao, at ang lahat na nakatanggap ng katotohanan ay kailangan ding tumanggap ng espritu ng katotohanan " nagsasalita ng kapayapaan sa pamamagitan ni Jesu-Cristo". Z. '04-108

**Agosto 9**

Kaya't kung ang ilaw na sumasa iyo ay kadiliman, gaano kaya kalaki ang kadiliman! Mateo 6:23.

ANG "pag-aani" ay panahon din ng pagtahip ng "trigo" - panahon ng pagbistay, paghihiwalay sa butil mula sa ipa, at nasa atin ang pagkilos upang patunayan natin ang ating mga katangian: "matapos gawin ang lahat ikaw ay tumayo!" Ang mga pagsubok sa "pag-aani" natin ay kailangang kagaya niyaong sa Judio o tipikal sa "pag-aani". Ano-ano ang paraan na nagbibistay sa atin para patunayan na tayo nga ay mga butil at hindi ipa? Sa pamamagitan ng pagsubok sa ating mga kaalaman o natutunan. Binibistay tayo sa ngayon kung naaayon ba ang ating mga paniniwala o pagkaunawa sa mga sumusunod na bagay: Ang isa sa mga ito ay ang Krus, at ang isa ay ang presensiya ni Cristo, ang isa naman ay ang kapakumbabaan, at ang isa ay pag-ibig. Ang mga Judio ay sinaway sapagkat "hindi nila alam ang panahon ng kanilang pagdalaw". Ang bagay ay dobleng nakalulungkot para sa mga taong nakakita na dati sa liwanag ng kasalukuyang katotohanan, at pagkatapos ay iniwan nila ang kanilang mga natutunan at pumaroon sa "kadiliman sa labas". Nangangahulugan ito ng pagiging di-tapat. Z. '04-297

**Agosto 10**

Kaya nga kung mayroong anomang kasiglahan kay Cristo, Kung mayroong anomang kaaliwan ng Pag-ibig, kung mayroong anomang pakikisama ng Espiritu, kung mayroong anomang mahinahong awa at habag, ay lubusin ninyo ang aking katuwaan, upang kayo'y mangagkaisa ng pag-iisip, mangagtaglay ng isa ring pag-ibig, na mangagkaisa ng akala, at isa lamang pag-iisip. Filipos 2:1, 2.

NAPAKAGALING ang mga payo na ito para sa pagkakaisa, kapayapaan, at kabaitan mula sa kapatid! Ang mga ito ay mga payo sa atin na maging pasensiyoso, na maging mapagpigil, maging marahan, matulungin, at nag-aaliwan ang bawat isa sa Iglesia nang sa ganuon sasagana ang Espiritu ng Panginoon sa lahat, upang ang bawat isa ay malawak na uunlad hangga't maaari sa tamang daan. Mga mahal na kapatiran, patunayan natin na karapat-dapat tayo sa pangalang Barnabas - na ang ibig sabihin ay taga aliw sa mga kapatiran. Pasaganain natin sa atin ang Espiritu Santo nang higit pa, sapagka't ito ang kagalakan ng Panginoon; sa ganuon ito ay masaganang

mananahan sa atin at tayo ay magiging mga anak na lalaki at anak na babae ng kaaliwan sa Sion, mga kinatawan ng ating Ama, at daluyan ng Espritu Santo at katotohanan. Z. '04-296

**Agosto 11**

Manatili kang tapat hanggang kamatayan at ibibigay ko sa iyo ang korona ng buhay. Apocalipsis 2:10.

AASAHAN natin na marahil may mangyayaring pangalawang pag-atake sa tunay na Iglesia (hindi ang mga Iglesia sa "pangalan" lamang), at gaya ng nangyari kay Juan Bautista, ito ay pangalawa at marahil kompletong pagwawagi ng babaeng Babilonya at ng kaniyang kerida, ang sanglibutan, laban sa mga tapat na kasapi ng katawan ni Cristo sa sanglibutan. Siguradong hindi tayo magugulat kung maging ganuon ang resulta; subalit ito at ang lahat ng bagay ay kailangang sama-samang gagawa para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa Panginoon. Kailangan nating lahat ang mamatay upang mapanalunan natin ang ating gantimpalang makalangit sa likod ng tabing. Ang uring Elias na narito pa ngayon nitong unang bahagi ng tabing ay kailangan at mangyayaring matalo, ngunit ang maliwanag na pagkatalo ay nagpapakilos ng mga kaluwalhatian ng kaharian. Z. '04-63

**Agosto 12**

Linisin mo ako sa mga kubling kamalian. Italikod mo rin ang iyong lingkod sa mga kapalaluang sala: huwag mong papagtaglayin ang mga yaon ng kapangyarihan sa akin...maging kalugod-lugod nawa ang mga salita ng aking bibig, at ang pagbubulay ng aking puso sa iyong paningin, Oh Panginoon, na aking malaking bato, at aking manunubos. Awit 19:12-14.

LUMALABAS na ang bawat matalinong Cristiano ay mananalangin ng ganitong insperadong panalangin, para sa ikalilinis ng sekretong mga kamalian, upang maaari siyang mapigilan sa paggawa ng mapangahas at hayag na kasalanan; at sa pananalangin nang mataimtim, mapipigilan din niya ang mga pagsisimula ng kasalanan at mapananatili ang kaniyang puso sa malinis at dalisay na kalagayan, sa pamamagitan ng patuloy na paglapit sa bukal ng grasya para sa tulong sa bawat panahon ng pangangalilangan. Siya na nagsisikap na mamuhay sa kabanalan at pagiging malapit sa Panginoon sa pamamagitan ng pag-iwas lamang na gumawa ng mapangahas at hayag na kasalanan subalit pinababayaan ang pagsisimula ng kasalanan na nasa sekreto pa lamang ng

kaniyang pag-iisip ay nagsisikap na gumawa ng tama sa mali at hindi makatarungan na paraan. Z. '98-22. R2249:1

**Agosto 13**

Kami nga'y mga sugo (embahador) sa pangalan ni Cristo.  2 Corinto 5: 20.

KUNG bilang mga Cristiano ay panatilihin nating pangunahing laman ang ganitong mga kaisipan sa ating isip, ito ay napakahalagang dignidad sa ating katangian. Ito ang puwersang nagpapabago! Malaki itong tulong sa bago nating anyo ng pagkatao sa pakikibaka nito laban sa mababa at gumagapang ng mga hilig ng lumang anyo ng pagkatao na tinalikuran na natin at itinuring na patay! "Ang ating pagka-mamamayan ay sa langit", sabi ng Apostol...habang naninirahan pa sa mundo sa gitna ng mga dayuhan at estranghero, tayo bilang mga kinatawan o embahador ay dapt makaramdam ng dignidad at karangalan sa posisyon at mabibigat na responsibilidad, at laging tandaan ang mga salita ng Apostol, "anoman ang ating gawin sa salita at sa gawa, gawin ang lahat sa pangalan ng ating Panginoong Jesus". Z. '04-72

**Agosto 14**

Sukat na sa alagad ang maging katulad ng kaniyang Guro, at sa alila ang maging katulad ng kaniyang Panginoon. Kung pinanganlan nilang Beelzebub ang Panginoon ng sangbahayan, gaano pa kaya ang mga kasangbahay niya! Mateo 10:25.

GAANO man kalambing na ipinahahayag ito, ang katotohanan ay isang tabak sa sumusuot saan mang direksiyon, at gaya ng hinulaan ng ating Panginoon, ito ay laging naghihiwalay sa mga magulang palayo sa kanilang mga anak, at mga anak palayo sa kanilang mga magulang. Sapagkat kinasusuklaman ng kadilimam ang liwanang at sinasalungat ito sa bawat paraan...sa liwanag ng katuruan ng Panginoon sa usaping ito, at kung paanong ang pinakamatalinong paglalahad nito ay pinipilipit pa rin sa kahuli-hulihan, nararapat lamang na ang bawat isa na naglilingkod ng tapat sa katotohanan ay mag-ingat kung maaari, na hindi mapa-mali ang pagkaunawa sa kanila; --ipaunawa sa mga tao ng malinaw na hindi tayo nakikilahok, ni nagtataguyod sa anumang uri ng paglabag sa batas; kundi sa kabaligtaran, ay tumatayo tayo para sa katuwiran at sa pinakamataas na mga batas, ang banal na batas. Z. '03-13

**Agosto 15**

At aming ipinamamanhik sa inyo, mga kapatid, na maging pasensiyoso sa lahat. 1 Tesalonica 5:14.

PARANG nangangahulugan ito na ang mas mabuting pagtimbang na isasagawa ng mga alagad ng Dios ay tumanaw nang may simpatiya at gawin ang matiising pagtitimpi hindi lamang para sa mga mahihina at kulang sa tibay ng loob at bilib sa sarili...ang pag-unlad sa kaalaman ay tumutulong sa atin na umunlad sa pagpapala na ito ng pagpapasensiya, dahil kung pinahahalagahan natin nang higit pa ang pagpapasensiya ng Ama sa atin, tutulong sa atin na ikapit din ang parehong prinsipyo sa iba...ang kaisipang ang makalangit na Ama ay nagbigay ng pabor at tumawag ng sinoman ay tutulong sa atin na mag-ingat nang labis kung paano tayo makipag-tulungan sa Panginoon may kinalaman sa pagtatawag sa iba at maging matulungin sa abot ng ating makakaya sa mga taong nagsisikap na lumakad kasama natin sa mga yapak ng ating Panginoon sa makipot na daan. Z. '03-24

**Agosto 16**

Sa lahat ng mga bagay ay magpasalamat kayo. 1 Tesalonica 5:18.

TAGLAY ang kalagayan ng puso na may pakikiisa sa Panginoon at buo anag pagsunod sa kaniyang kalooban, ang mga lingkod ng Panginoon ay hindi lamang nagsusumamo para sa kaniyang pagpapala sa bawat simula ng bawat araw, at sa pag-aalay nila ng pasasalamat tuwing matatapos na ang bawat araw, kundi sa lahat ng kanilang ginagawa at kaabalahan sa buhay ay sinisikap rin nilang alalahanin na nai-alay na nila ang lahat sa Panginoon, at sa pananampalataya, dumedepende sila sa kaniya sa lahat ng mga gawain sa buhay; -- at bilang katumbas ng kahalagahan ng kanilang gawain, sila , sa pananampalataya, ay nakaunawa sa kahalagahan ng paglakip ng patnubay  ng Dios sa lahat ng kaabalahan nila sa buhay at matamang magpasalamat. Ito ang kalooban ng Dios sa atin;-- kalooban niya na tayo ay mamuhay sa ganuong saloobin ng palagiang pagsasaalang alang ng kaniyang kalooban at pagpapala; at niloob niya ito para sa atin dahil ito ang magiging kalagayan na mas paborable sa ating pag-unlad sa makipot na daan, at mas makakatulong sa atin na masiguro natin ang pagtawag sa atin. Z. '03-25.

**Agosto 17**

Huwag ninyong patayin ang ningas ng Espiritu. 1 Tesalonica 5:19.

ANG espiritu ng Panginoon sa kaniyang mga alagad ay inihahalintulad sa "ningas ng sagradong pag-ibig" para sa Panginoon at sa lahat na may kaugnayan sa kaniyang gawain. Ang ningas na ito ay sinisindihan sa pamamagitan ng banal na mensahe sa bawat indibiduwal, noong sila ay ipinanganak sa Espiritu Santo, at nauukol kung ganuon sa kabuoan ng Iglesia sa ilalim ng patnubay ng Espiritu. Bilang katumbas habang ang Iglesia ay lumalago sa kaalaman at pag-ibig at sa pakikipagniig sa Panginoon, ang "ningas ng sagradong pag-ibig" naman ay gagawa nito bilang ang ilaw sa sanglibutan -- isang siyudad na naitatag sa burol, -- na hindi naitatago. Z. '03-25

**Agosto 18**

Subukin ninyo ang lahat ng mga bagay, ingatan ninyo ang mabuti. 1 Tesalonica 5:21.

GAANO man karami ang kanilang natanggap o naririnig na nangangaral o nagtatalumpati sa publiko, ang mga alagad ng Dios ay kailangan matutong magtimbang para hindi nila basta-basta tanggapin kung anoman ang kanilang maririnig, na hindi man lamang inusisa at sinuri; kailangang patunayan nila ang lahat ng bagay na naririnig, dapat silang magsagawa ng pagkilatis sa isip, kung ano ang makatuwiran o makatotohanan at sinusuportan ng kasulatan, at ano ang haka-haka lamang at posibleng katusuhan. Dapat nilang patunayan ang kanilang naririnig alinsunod sa kaisipang panghahawakan nilang mahigpit ang anomang napatunayang tama pagkatapos itong masubok sa banal na salita, at pinakikita nito na ito ay naaayon sa Espiritu Santo; at dapt mabilis nilang itapon ang anomang katuruang hindi makatatagal sa mga pagsubok. Z. '03-26. R3137:4

**Agosto 19**

Layuan ninyo ang bawat anyo ng masama. 1 Tesalonica 5:22.

ANG payo ay lauan at labanan ang bawat masamang bagay, ito man ay may magandang anyo o pangit na anyo...ang pag-iwas sa bawat anyo ng masama ay ibang bagay - iba kay sa nais sabihin ni Apostol Pablo sa kaniyang sulat; gayunpaman, ang mga ito ay kumakatawan sa mabuting prinsipyo. HIndi lamang kinakailangan na layuan natin ang masasamang bagay ano man ang kanilang itsura o pantakip, subalit dapat din nating iwasan hangga't maaari ang paggawa ng sa

tingin natin ay mabuti subalit sa paningin ng ating mga kaibigan at kapitbahay ay masama. Idinidikta ng matinong pag-iisip na hindi lamang natin iwasan ang masama sa bawat anyo nito, kundi kahit anomang bagay na sa tingin ng tao ay masama upang ang ating impluwensiya para sa Panginoon at sa katotohanan ay magiging mas malawak. Z. '03-26.

**Agosto 20**

Yaon ngang inyong sinasamba na hindi niyo nakilala, siya ang sa inyo'y ibinabalita ko. Gawa 17:23.

ANG pamamaraan ng Apostol ay dapat tularan. Ang lahat ng mga taong may dunong ay walang tiwala sa mga bagay na bago, at nakahiligan na ang pagsasabing anomang bagay na may halaga ay ang mga luma o antigo na. Tayo, gaya ng Apostol ay magsikap na ipabatid na ang tunay na ebanghelyo ay hindi bagong doktrina, kundi ang lumang doktrina; hindi isang bagong ebanghelyo kundi ang lumang ebanghelyo - ang ebanghelyo na sinabi nang patiuna kay Abraham...ang ebanghelyo na inihayag mismo ng Panginoong Jesus at nang kaniyang mga Apostoles. Bilang katumbas at katimbang, habang kailangagn nating ipakita na ang maling mga katuruan ay nananatili pa rin ngayon na nagmula pa sa "madilim na kapanahunan (dark ages)", kailangan rin nating ipakita na hindi tayo nag-iimbento ng bagong teoria o haka-haka pa lamang na kasing-mali din ng mga doktrina ng iba...kundi inalis at itinapon natin ang mga maling doktrina ng "madilim na panahon (dark ages)", at binalikan natin ang mga unang prinsipyo at panuntuann at mga tagubilin ng ebanghelyo, gaya ng ipinahayag ng Panginoon at ng kaniyang mga binigyan ng kapangyarihan na mga kinatawan at mga apostoles. Z, '03-29

**Agosto 21**

Datapuwa't hanapin muna ninyo ang kaniyang kaharian. Mateo 6:33.

ANG mga tao ng Dios sa espirituwal na Israel ay bubuti ang kalagayan kapag ang kaisipang ito ay palaging nasa kanilang isip - na ang espirituwal na mga kapakanan ay kailangang lagi nilang unahin; na ang mga makasanlibutang mga gawain ay kailangang patakbuhin at kontrolin mula sa pananaw ng walang hanggang kapakanan; - mula sa pananaw ng espriritual na paglago at pag-unlad at tagumpay; - mula sa pananaw ng pinaka mainam na kapakanan at impuwensiya para sa

kanilang mga anak. HIndi lamang sapat na sila ay dapat mag-alinlangan sa pagsunod sa anomang suhestiyon na magdadala sa kanila at sa kanilang pamilya tungo sa hindi paborable at walang Dios na kapaligiran, kundi kailangan din nilang tiyakin at isipin na sa ilalim ng anomang pananaw o pag-iisip ay hindi nila susundin ang ganuong suhestiyon; - na bilang kabaligtaran, ang mga tao ng Dios ay maging kanilang mga tao, bagamat ito ay nangangahulungan ng kakulangan sa pagkama-alwan at yaman ng kasalukuyang buhay na ito. Z. '02-350

**Agosto 22**

Di baga ninyo alam na dapat akong nasa bahay ng aking Ama? Lucas 2:49.

HINDI ba dapat tayo magkaroon ng Espiritu ng Maestro, gaya ng ipinahayag ng kaniyang salita?...ang tunay na mga banal ng Panginoon ay walang gawain sa kanilang sarili, sapagkat ibinigay na nila ang lahat nilang pag-aari sa Panginoon sa panahon ng kanilang pag-aalay. Pinatatakbo nila ang kanilang mga lakad o negosyo bilang sila ay mga katiwala ng Panginoon - hindi nila ito ipapamana sa kanilang mga anak o kaibigan sa oras ng kanilang kamatayan, sa panahon na sila ay maunlad, na malamang sa ikapapahamak nila. Ito ay gagamitin ng taong pinagkatiwalaan ng matalinong paraan sa abot ng kaniyang makakaya bago siya mamatay; dahil sa oras ng kaniyang kamatayan ang pagiging katiwala niya ay matatapos at siya ay magbibigay sulit. Z. '03-53

**Agosto 23**

Datapuwat ngayo'y nananatili ang tatlong ito: ang pananampalataya, ang pag-asa, at ang pag-ibig; nguni't ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig. 1 Corinto 13:13.

BILANG ang pag-ibig ang siyang pinakamainam na bagay, ito rin ang pinaka-matiisin o nagtatagal...dahil hindi ba makatuwiran o tama lamang na ang pananampalataya ay matatapos kapag makikita at malalaman na natin ang lahat-lahat? At hindi ba maka-tuwiran at tama lamang na ang pag-asa ay matatapos kapag naabot na natin ang bunga ng lahat nating pag-asa at nasa atin na ang kabuoan ng mga pangako ng ating makalangit na Ama? Ang pag-ibig, gayumpaman, ay hindi mabibigo, sa ganuong paraaan na ito ay walang pasimula; sapagkat ito ang kaniyang

katangian, ang kaniyang ugali; at gaya ng siya ay nananatili magpakailanman, ang pag-ibig din ay mananatili magpakailanman. Z. '03-58

**Agosto 24**

Amang banal, ingatan mo sila sa iyong pangalan yaong mga ibinigay mo sa akin, upang sila'y maging isa, na gaya naman natin. Juan 17:11.

HABANG iniisip natin ang magandang kapahayagan na ito ng damdamin ng Panginoon para sa Iglesia, naaaninag natin ang kaluwalhatian ng pinagpapalang pagkakaisa ng banal na pamilya. Ito ay pagkakaisa sa layunin, pagkakaisa sa tiwala, pagkakaisa sa damdamin sa kapuwa (simpatiya), pagkakaisa sa pag-ibig, pagkakaisa sa karangalan, at pagkakaisa sa pag-mamay-ari ng anomang taglay. Ang pagkakaisa na ito na inilarawan ng ating Panginoon ay matagal nang umiiral sa gitna niya at ng kaniyang ama, subalit kung tungkol sa kaniyang mga disipulo ito ay hindi pa umiiral nuon at mangyayari pa lamang, at ang buong katuparan nito ay siya nating minimithing layunin na itinuro sa atin na dapat nating abutin. Z. '03-77

**Agosto 25**

Nalalaman natin, na kung siya'y mahayag, tayo'y magiging katulad niya sapagkat siya'y ating makikitang gaya ng kung ano ang kaniyang sarili ngayon (as he is, hindi as he was). 1 Juan 3:2.

HAYAANG magpa-interes at magpasigla ng ating damdamin ang pag-asa na malapit na nating maranasan, ang pagbabago ng ating anyo sa panahon ng pagkabuhay-muli, at gagawin tayong gaya ng ating mahal na manunubos, at makikita siya ng personal, at makakasalo sa kaniyang kaluwalhatian sa dakilang "epipania", o pagsikat ng mga anak ng Dios sa kaluwalhatian ng kaharian - hayaang ito ay magpalakas ng ating mga puso, magpapangyari na magsasalita ang ating mga labi, at patibayin tayo sa bawat tungkulin, pribilehiyo at oportunidad -- sa paglilingkod sa ating maestro at sa sambahayan ng pananamplataya. Kung ang pag-asang ito ay naging angkla sa mga lingkod ng Dios sa loob ng daan-daang taon, mas ganito rin dapat ito para sa atin na nabubuhay ngayon sa panahon ng kaniyan prisensiya, habang naghinintay sa kaniyang " apokalipsis" --ang paghahayag ng kaniyang sarili sa kaluwalhatian sa kaharian! Z. '03-151

**Agosto 26**

Ang pag-ibig ay kabaitan. 1 Corinto 13:4.

HINDI na kailangan o sapilitan ngayon para sa mga lingkod ng Dios ang magsalita ng laban o mambatikos sa bawat gunagawa ng masama na makasalunong nila sa daan, sa parehong paraan na hindi rin sila dapat mamuna sa kataniwang tao na makikita nila dahil sa kakulangan nito ng magandang itsura...and pagiging magalang ay laging bahagi ng katangian ng Cristiano. Sa numdo maaaring ito ay pampakinis o sinasabi nilang pa-pogi o pa-good boy epek, subalit sa Cristiano hindi lamang ito pagpapaimbabaw o pakunwari, kundi ipinakikita ng pagiging magalang ang tunay na mga damdamin ng puso, na mahubog sa espiritu ng buhay - ang pag-ibig. Ang pag-ibig ay umaakay patungo sa kahinahunan, pagtitiis, kabaitan at iba pa; at kahit na sa panaahon ng pagsuway ang pagiging magalang ay mag-aalangan na magbitaw ng salitang walang awa, at iiwasan ang ganuon hanggat' ipahintulot ng tungkulin. Z. '03-153

**Agosto 27**

Kaya nga mula ngayon ay hindi namin nakikilala ang sinoman ayon sa laman. 2 Corinto 5:16.

HINDI ibig sabihin ng Apostol na wala na tayong pakialam kapag nagkakasala tayo sa laman, ito man ay kung tayo mismo o ang ibang mga miyembro ng kongregasyon. Ang lahat ng mga kahinaan sa laman ay dapat labanan, at marahil lagi silang nangangailangan ng mahigpit na paggamot para sa kapakanan ng bagong nilikha; subalit gayunpaman, kinakailangan na malinaw nating bigyan ng kaibahan ang bagong nilalang at ang mortal na katawan, at ibigin natin at unawain ang kapatid, ang kaniyang kapakanan kung kinakailangan nating gawin, at ganuon din ang kapakanan ng Iglesia - na sawayin, pagalitan, o itama ang mali niyang landas. Ang pakahulugan ng Apostol tungkol sa kung papaano natin malalaman ang kaibahan ng dalwang klase ay ito, ang hindi pa nagbabago ay pumapansin o gumagawa ng mga bagay ng laman, habang ang nagbabago na ay pumapansin o gumagawa ng mga bagay sa espiritu. Z. '03-170

**Agosto 28**

Ipangaral ang salita, maging sa kapanahunan o sa di-kapanahunan. 2 Timoteo 4:2.

HINDI ito nangangahulugan na tayo ay magpupumilit at lalabagin natin ang batas ng kalikasan at mang-iistorbo tayo sa mga tao sa mga oras na kailangan nilang magtrabaho o nais nilang mapag-isa; kundi, ito ay nangangahulugan na kailangan nating mahalin ang katotohanan, kailangan na magkakaroon tayo ng marubdob na hangarin upang maglingkod para rito, at masaya nating tanggapin ang maga tungkulin na walang mga paghihinanakit o reklamo kahit na ito ay gumugol ng ating mahahalagang oras. Ito dapat ang pangunahing gawain sa ating buhay, at dapat wala tayong isantabi na antas o tungkulin. Z. '03-189

**Agosto 29**

Kayo'y nagsisihingi, at hindi kayo nagsisitanggap, sapagkat nagsisihingi kayo ng masama. Santiago 4:3.

MATUTO tayong manalangin ng tama, at magtrabaho at umasa nang tama; at upang magawa natin ito tayo ay kailangang maging mabilis sa pakikinig, mabagal sa pagsasalita, mabilis sa pakikinig sa salita ng Panginoon at sa aral na kaniya nang ibinigay sa atin, at sa kaniyang pamamaraan ng pagtuturo sa atin at pag gabay sa atin at sa pagbibigay ng pagpapala sa atin. Maging mabagal tayo sa pagsasabi sa kaniya kung ano ang mga uri ng mga bagay ang gusto natin; sa katunayan, pagsikapan natin na maabot ang pagkahubog sa atin sa Cristianong katangian na magpapangyari sa atin na hanapin hindi ang ating sariling mga kalooban kundi ang kalooban ng ating Ama sa langit. Z. '03-204

**Agosto 30**

Pasikatin na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao, upang makita nila ang inyong mabubuting gawa, at kanilang luwalhatiin ang inyong ama na nasa langit. Mateo 5:16.

HINDI lamang dapat maging totoo na ang mga pinahiran ng Panginoon ay mataas ang ulo at balikat kumpara sa lahat ng iba, "ang pinakamataas sa sampung libo, ang isa sa pinaka-ibig-ibig", ngunit dapat ding maging totoo ang situwasyong ito sa mas malawak na paraan, na ang lahat na

masugid na bahagi ng katawan ni Cristo sa kasalukuyang  buhay na ito - bago siya iproklamang hari ng buong mundo - ay kailangang makakilala sa laki at kadakilaan ng katangian ng mga taong pinipili ng Dios para sa lugar na ito ng karangalan sa mga gawain ng tao. Dapat malalaman ng mga nasa paligid na sila ay naging kasa-kasama ni Jesus, kailangang makita ang laki ng kanilang puso, ang taas ng kanilang moral - makikita o maunawaan din sa kanila ang matinong kaisipan. Z. '03-206

**Agosto 31**

Narito, ang aming Dios na aming pinaglilingkuran ay makapagliligtas sa amin sa mabangis na hurnong nagniningas; at ililigtas niya kami sa iyong kamay, oh Hari. Nguni't kung hindi, talastasin mo, oh Hari, na hindi kami mangaglilingkod sa iyong mga dios, ni magsisisamba man sa larawang ginto na iyong itinayo. Daniel 3:17, 18.

ANG sagot ng mga Hebreo kay Nabukudonosor na nagsasabi: "Ang Dios na aming pinaglilingkuran", ay dapat nating bigyang pansin. - Hindi lamang nila kinilala ang Dios at sinamba siya, kundi bilang karagdagan, naglingkod sila sa kaniya, ayon sa pagkakataon...ating ipanata, mahal ng mga kapatid, gaya ng tatlong Hebreo, na sambahin natin at paglingkuran ang Panginoon lamang na ating Dios - na hindi natin sambahin at paglingkuran ang sektaryanismo, sa anomang anyo nito, ni ang kayamanan, kasama na rito ang kanilang mga pang-akit at gantimpala, ni ang katanyagan, ni mga kaibigan, ni ang sarili. Ang Dios ay "humahanap ng ganung mga tao para sumamba sa kaniya sa esprirtu at katotohanan", iyan ang ipinahayag ng ating Panginoon at Pangulo. Z. ’99-172